5

# Modelong Banghay-Aralin sa EPP

Kuwarter 2

Aralin

7

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa EPP 5**
**Kuwarter 2: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Management Team**

Juan Dela Cruz, Juan Dela Cruz, and Juan Dela Cruz

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Ang mga mag-aaral ay naipapamalas ang pang-unawa sa maingat na pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, pag-iimbak at pagbebenta ng poultry animals sa masistemang pamamaraan bilang isang kapaki-pakinabang at mapagkakakitaang gawain. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Ang mga mag-aaral ay naisasagawa ang maingat na pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, pag-iimbak at pagbebenta ng poultry animals sa masistemang pamamaraan bilang isang kapaki-pakinabang at mapagkakakitaang gawain. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Kasanayan***<br>1. Natatalakay ang pag-aani ng alagang poultry animals at mga produkto nito.<br>***Mga Layunin***<br>1. Naibibigay ang mga batayan sa mga aanihing alagang *poultry animals*;<br>2. Naibibigay ang mga pamamaraan sa pag-uuri at pagga-grado ng mga itlo; at<br>3. Naiisa-isa ang mga pamamaraan ng pag-iimbak ng produkto ng *poultry animals.* |
| **D. Nilalaman** | Pag-aani ng alagang poultry animals at mga produkto nito |
| **E. Integrasyon** | SDG 8: Decent Work and Economic Growth<br>SDG 12: Responsible Consumption and Production |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

Gastronomiac. (nd). Pag-aani. https://tl.gastronomiac.com/product_glossary/ani-a/

Rod (2018). Ano ang Produkto at Serbisyo. https://www.scribd.com/presentation/386774037/Ano-Ang-Rpodukto-at-Serbisyo

Cambridge dictionary. (nd). Broilers. https://dictionary.cambridge.org/dictionary/english/broiler#google_vignette

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan: Agrikultura Modul 7: Alaga mo! Ibenta mo! (nd). https://www.studocu.com/ph/document/st-paul-university-surigao/bachelor-of-science-in-accountancy/epp5-q2-mod7-alaga-mo-benta-mo-v4/72447894

Agrifoods (2022) WHY AN EGG SORTER IS IMPORTANT TO POULTRY FARMERS. https://agrifoodsa.info/news/why-egg-sorter-important-poultry-farmers

Fincher, M. and Kolloen, S. ( 2021). What Do Different Egg Grades Mean? https://www.allrecipes.com/article/egg-grades/

Paano mag-imbak ng mga hilaw na itlog nang tama at gaano katagal? https://clean-tl.decorexpro.com/hranenie-i-uhod/produkty/yajtsa/skolko-hranyatsya-syrye

Malusog na Pagkain na Malapit sa Akin. https://tl.healthy-food-near-me.com/how-and-where-to-store-chicken-meat-correctly/


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>Panuto. Lagyan ng **tsek** ( ✓) ang kung ito ay nagpapahayag ng pag-aalaga sa mga *poultry animals* at **bilog** ( **O** ) naman kung hindi.<br><br>________ 1) Mahalaga ang pagbibigay ng sapat na pagkain at tubig sa alagang poultry animals.<br><br>________ 2) Mabuti ang pagbibigay ng maruming tubig sa mga alagang manok.<br><br>________ 3) Nakatutulong ang agpapakawala sa mga bagong pisang sisiw kahit malakas ang ulan. | Ipasagot ang gawain sa mga mag-aaral. Ang gawain ay magsisilbing *review* sa mga mag-aaral sa nakaraang aralin.<br><br>Susing-sagot:<br><br>1) ✓<br>**2) O**<br>**3) O**<br>**4) O**<br>5) ✓<br>6) ✓<br>**7) O** |

| | | |
|---|---|---|
| | ________ 4) Ang pagbibigay ng halamang gamot sa mga poultry animals ay nagpapabagal ng kanilang paglaki.<br>________ 5) Paggawa ng kulungan sa mga inahin na manok ay magandang gawain sa mga alaga.<br>________ 6) Ang pagbibigay ng mga bitamina ay nakatutulong para maiwasan ang mga sakit ng mga alagang hayop.<br>________ 7) Panatilihing nakabukas ang mga kulungan ng poultry animals umaga man o gabi.<br>________ 8) Ang paglilinis sa mga kulungan ay kailangan para maiwasan ang langaw at mabahong amoy ng paligid. | 8) ✓ |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Panuto:** Pagmasdang mabuti ang mga nasa larawan. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na taong sa ibaba.<br> <br>https://images.app.goo.gl/hdNSeBY7hzMjjvAK8 https://images.app.goo.gl/mcX3yYyZigqjjrkj8<br><br>Mga Tanong:<br>1. Ano ang ipinapakita sa larawan?<br>2. Sa iyong palagay, gaano sila kadalas mag-ani ng itlog ng kanilang mga alaga? | Ipakita ang mga larawan sa mga mag-aaral at pasagutan ang mga katanungan sa kanilang kwaderno. |

3. Kapag ganito kadami ang naaani nila araw-araw, ano ang naitutulong sa kanila ng pag-aalaga ng manok?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**
Panuto: Ayusin ang mga gulu-gulong titik upang mabuo ang salita. Pagkatapos, itugma ang binuong salita sa mga kahulugan na nasa kanan.


| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| I I A A G P M K B ____________ | Ito ay tumutukoy sa lahat ng gawaing pang-agrikultura at hortikultural na nagbibigay-daan sa tao na mangolekta ng mga halaman, prutas at gulay at iba pang produkto. |
| I A N P G A A ____________ | Ito ay isang bagay na ginawa upang maibenta, karaniwang ang bagay na ito ay ginawa sa pamamagitan ng pang-industriyang proseso. Maaring ito rin ay galing sa mga alagang hayop gaya ng itlog at karne. |
| O O T P R U D K ____________ | Ito ay uri ng manok na mainam para sa karne nito. |
| E S B I O R L R ____________ | Ito ay proseso ng pagpreserba ng isang produkto |

Pagtugmain ang Hanay A at Hanay B. Ayusin ang mga gulo-gulong titik at itugma ang nabuong salita sa kahulugan nito na nasa Hanay B. Gawin ito sa sagutang papel.

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**Kaugnay na Paksa 1: Batayan ng mga aanihing alagang poultry animals (Broilers)**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**
**Panuto:** Pagmasdang mabuti ang mga larawan sa ibaba. Pangalanan ang mga ito gamit ang mga letra sa ibaba. Punan ang mga nawawalang letra upang mabuo ang salita.



Ibigay ang gawain. Ipakita ang larawan at ipahula sa mga mag-aaral.
Bigyan sila ng tanda o clue gaya ng pagbibigay ng isa-isang letra hanggang mahulaan nila ang nasa larawan. Maaaring gamitin ng *Hangman* sa gawaing ito. Ang *Hangman* ay isang laro kung saan ililigtas



_ I _S_ W



B R _ I _ _ R



I N _ _ H I _

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

Panuto: Ipakita ulit ang mga nasa larawan at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Alin dito ang pinapalaki at pinapalakas upang mangitlog o gawing karne?
b. Alin dito ang mainam para sa karne?
c. Alin dito ang ginagamit upang magparami ng manok?

**Batayan ng mga aanihing alagang *poultry animals* (broilers)**

Ang mga hayop ay nagtataglay ng mga palatandaan o pagkakakilanlan kung ito ay dapat nang ipagbili. May ipinagbibili batay sa kanilang kalusugan, laki o timbang. Ang iba naman ay ibinabatay sa tagal o gulang ng inaalagaang hayop. Kailangan isaalang-alang din ang panahon kung kailan mo ito ipagbili. Sa pagsasapamilihan kailangang makagagawa ka ng mga estratehiya. May iba't ibang paraan para dito. Kailangan lamang pag-aralan at unawain ang bawat estratehiya upang ito'y magamit sa pagsasapamilihan ng mga produkto. Ang mga produktong galing sa alagang hayop na labis sa pangangailangan ng mag-anak ay maipagbibili rin kung ito ay may mataas na kalidad. Ito ang mga sumusunod na palatandaan sa pagbebenta ng mga alagang hayop batay sa mga karanasan:

nila ang isang tao upang hindi ito mabitay. Bawat maling letra na ibibigay ng mga mag-aaral ay kaakibat ang paglalagay ng bahagi ng isang tao o stick man. Kung nahulaan nila ang pangalan ng larawan, maililigtas nila ang tao. Maaaring mag-isip ng gimik gaya ng paggrupo sa mga mag-aaral at pagbibigay ng pabuya.

Subukang kunin ang sariling depinisyon ng mga mag-aaral ang nabuong salita na sisiw, inahin, at broiler. Maaaring magdagdag pa ng larawan.

Talakayin ang aralin sa mga mag-aaral. Maaari silang tanungin patungkol sa mga batayan ng mga aanihing alagang poutry animals particular na ang mga broilers.

| | | |
|---|---|---|
| | 1.Manok- Maraming klaseng manok na puwedeng alagaan upang mapagkakakitaan. Ang mga ito ay galing pa sa ibang bansa tulad ng Vantress na pinaka popular dito sa ating bansa. Mayroon naman galing sa atin. | Ipagawa ang gawain sa mga mag-aaral. Bigyan sila ng labinlimang (15) minuto upang gawin ito sa sagutang papel. Maaaring gamitin ang rubriks sa pagbibigay ng marka. |

| | | |
|---|---|---|
| | Tinatawag itong Native Chicken. Hindi madali ang pag-aalaga nito, ngunit ang mga ito ay maaring mapagkikitaan kapag inaalagaang mabuti at alam mo kung papaano mo sila ibebenta. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Narito ang mga palatandaan na maari mo na silang ibebenta:<br>a.Una ang timbang dapat ay nasa 1.6 kg sa loob ng 35 days.<br>b.Kung hihipuin mo siya sa harapan ng manok ay dapat hugis bilog.<br>c.Malusog at hindi sakitin.<br>**1.Manok**. Maraming klaseng manok na puwedeng alagaan upang mapagkakakitaan. Ang mga ito ay galing pa sa ibang bansa tulad ng Vantress na pinaka popular dito sa ating bansa. Mayroon naman galing sa atin na tinatawag na native chicken. Hindi madali ang pag-aalaga nito, ngunit ang mga ito ay | Magtawag ng mga boluntaryong mag-aaral na magsasagawa ng *charade* sa harapan ng klase. Kanilang ilalarawan ang katangian ng mga hayop at huhulaan naman ito ng mga ibang mag-aaral. Hingin din ang mga ideya ng mga mag-aaral sa paraan ng paghuli ng mga nabanggit na alagang hayop. Maaring magdagdag ng iba pang hayop na hinuhuli.<br><br>Ipanood ang *video clip* sa mga mag-aaral at pasagutan ang mga katanungan.<br><br>Maaari ding taningin ang mga mag-aaral sa mga paraang ginagawa nilas sa bahay sa paghuli ng mga alagang manok. |

| | | |
|---|---|---|
| | maaring mapagkikitaan kapag inaalagaang mabuti at alam mo kung papaano mo sila ibebenta. Narito ang ma palatandaan na maari mo na silang ibebenta:<br>a. Una ang timbang dapat ay nasa 1.6 kilo sa loob ng 35 days;<br>b. Kung hihipuin mo siya sa harapan ng manok ay dapat hugis bilog; at<br>c. Malusog at hindi sakitin.<br>**2.Itik**. Kadalasan ang mga itik ay inaalagaan upang makapagbigay ng mga itlog. Ang iba naman ay nag-aalaga ng mga sisiw ng itik. Ipinagbibili ito upang gawing layers. Maari ring mag-alaga ng itik na tinatawag nilang *nonsitters* o hindi nangingitlog at ibenta ang karne nito. Maraming klase ang mga itik sa pamayanan at ang iba ay galing pa sa ibang bansa. Ang mga palatandaan na puwede nang ebenta ang mga ito ay ang mga sumusunod:<br>a. Ang hustong gulang na nasa dalawa hanggang tatlong buwan, tamang timbang, malusog at mabuting mangitlog;<br>b. Maaring ibenta ang isang itik at mga produkto mula dito;<br>c. Ang mga itik na hindi na nangingitlog o mahina nang mangitlog ay maaari ring ibenta sa mga nagtitinda sa palengke upang gawing karne; at<br>d. Tandaang mas mabuting ipagbili kaagad ang mga itlog nito habang ito ay sariwa pa.<br>**3.Pugo**. Ang pugo o (quail) ay isang ibon na karaniwang inaalagaan para mangitlog. Karaniwang mangingitlog ang mga inahin pagkaraan ng 45 araw. Ibenta ang mga itlog nito habang sariwa pa. Maraming klase ang mga pugo ngunit ang pinakasikat na variety nito ay ang *Coturnix* na galing sa ibang bansa. Ang mga ito ay kilala sa kanilang mataas na uri ng karne at itlog. Sa loob lamang ng 7 linggo ay puwede nang ipagbili basta malusog.<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Panuto:** Magsulat ng maikling sanaysay patungkol sa araling tinalakay. Tukuyin dito kung bakit mahalagang alamin ang mga batayan sa pag-aani o pagbebenta ng | Talakayin ang iba't ibang paraan sa paghuli ng poultry animals gaya ng manok, itik, pato at iba pa.<br><br>Ipagawa ang gawain sa mga mag-aaral. Hayaan silang kapanayamin ang kanilang mga katanungan sa mga paraan ng paghuhuli ng alagang poultry animals sa bay o sa bukid. Maaaring gamitin ang mga gabay na tanong sa pakikipanayam. |

| | | |
|---|---|---|
| | mga alagang *poultry animals* partikular na ang mga broilers. Isulat ito sa isang malinis na papel. Bibigyang marka ang sanaysay gamit ang rubriks sa ibaba. | Ipagawa ang gawain sa mga mag-aaral. Gamitin ang larawan para sa pagsagot ng mga gabay na tanong. Ito ay makakatulong sa kanilang pag-unawa na bagong aralin.<br><br>Talakayin ang sorting at grading ng itlog sa mga mag-aaral. |

| Pamantayan | 4 | 3 | 2 | 1 | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| Diskusyon sa mga mahahalagang konsepto | Makabuluhan ang bawat talata dahil sa husay sa pagpapaliwanag at pagtalakay tungkol sa paksa. | Bawat talata ay may sapat na detalye. | May kakulangan sa detalye. | Hindi nadebelop ang pangunahing ideya. | |
| Organissyon ng mg ideya | Mahusay ang pagkakasunud-sunod ng mga ideya. | Malinis ang paglalahad ng detalye. | Maayos ang paglalahad ngunit hindi masyadong nadebelop. | Walang patunay na organisado ang paglalahad ng mga ideya. | |
| Salitang ginamit | Walang pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita. | Halos walang pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita. | Maraming pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita. | Napakadami ang pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita. | |
| Mekaniks | Walang pagkakamali sa bantas at kapitalisasyon. | Halos walang pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | Maraming pagkakamali sa mga pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | Napakadaming pagkakamali sa mga pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay; | |

| Kabuuang Puntos | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Tala sa Mag-aaral** | | | | | |

## Ikalawang Araw

**Kaugnay na Paksa 2: Paghuli ng Alagang *Poultry Animals***

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

**Hulihin Mo Ako!** Magtawag ng mga mag-aaral na maglalarawan ng mga iba't ibang uri ng hayop at huhulaan naman ito ng ibang mag-aaral. Pagkatapos ay magtawag naman ng mga mag-aaral na magbibigay ng sariling ideya sa mga paraan ng paghuli ng mga hayop na nasabi.

1. Tilapia- ______________________________________________
2. Kambing: ______________________________________________
3. Baboy: ______________________________________________
4. Kalabaw: ______________________________________________
5. Manok: ______________________________________________

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

***Video clip viewing*:** Panooring mabuti ang bidyo at isulat ang mga mahahalagang konsepto upang masagutan ang mga sumusunod na katanungan.

Hayaang pumili ang mga mag-aaral ng kanilang ka-*partner*. Sila ay makikipanayam sa kahit sino sa kanilang pamilya o komunidad. Ang mga katanungan ang gagamitin nilang gabay sa kanilang pakikipanayam. Tiyakin na ang mga tanong ay nabigyang kasagutan.

Ang guro ay magdadala ng mga itlog ng manok sa klase. Ipanood ang bidyo sa klase

IBAT IBANG PARAAN SA PAGHUHULI NG MGA ALAGANG ...

YouTube · Keyay Sebuala · Sep 10, 2022

YouTube



https://www.youtube.com/watch?v=ldN7vC74rGE

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Anu-ano ang mga iba't ibang paraan sa paghuli ng manok? Ilarawan ang mga ito.
2. Ano ang pinakamabisa at mabilis na paraan sa paghuhuli ng manok?

**Mga Paraan ng Paghuli ng *Poultry Animals***

May iba't-ibang paraan ng paghuli ng poultry animals gaya ng manok. Ang ilan sa paraan ay ang sumusunod:

- Pagpapakain ng manok sa loob ng kulungan o hawla- ito ang karaniwang ginagawang paraan sa mga manok na *free-range* o mga manok na pagala. Kukunin ang atensyon ng mga manok sa mapapagitan ng paglalagay ng pagkain sa loob ng kulungan. Sa ganitong paraan mas magiging mainam ang paghuhuli sa kanila.
- Paggamit ng trap o patibong- ang ganitong paraan ng ginagamitan ng tali na ipopormang bilog at lalagyan ng pagkain sa loob nito. Kapag nakapasok na ang dalawang paa nito saka ito hihilain nang mabilisan.
- Paggamit ng *hunter gun*- kapag mailap ang manok kadalasang ginagamit itong paraan para sa mabilis na paghuli.

tungkol sa kung paano malalaman king ang itlog ay bago o luma. Pagkatapos nilang mapanood ang bidyo, susuriin nila ang mga itlog kung ito'y bago o luma base sa napanood na bidyo. Alalahanin ang wastong pag-iingat sa gawaing ito upang hindi mabasag, paglaruan at magkalat sa loob ng klase.

Ipasagot ang gawain sa mga mag-aaral. Ang gawaing ito ay may kaugnayan sa susunod na aralin.

Talakayin ang paraan ng pag-iimbak ng mga *poultry products.* Maaring tanungin ang mga mag-aaral ng kanilang paraan ng pag-iimbak sa kanilang tahanan.

- Paggamit ng lambat- ang ganitong paraan ay karaniwang ginagamit kapag manghuhuli ng pangmaramihan na manok. Maglagay muna ng pagkain pagkatapos ay ihagis ang lambat sa mga ito.


**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Panayam:** Kapanayamin ang iyong mga magulang. Tanungin ang mga iba't ibang paraan nila sa paghuhuli ng kanilang mga alagang poultry animals gaya ng manok, pato, itik at iba pa. Gamitin ang mga gabay na tanong sa pakikipanayam.

1) Anu-ano ang iyong mga alagang poultry animals sa inyong bahay?
2) Anong poultry animals ang karaniwan niyong hinuhuli?
3) Anong paraan ang inyong ginagawa sa paghuhuli?

**Kaugnay na Paksa 3: Grading o sorting ng mga itlog**

**Pagproseso ng Pag-unawa**
**Panuto.** Pagmasdang mabuti ang larawan sa ibaba. Sagutin ang mga gabay na tanong sa ibaba.



**Gabay na tanong:**

1) Ano ang makikita sa larawan? Paano mo ito ilalarawan?
2) Anu-ano ang kahalagahan ng pag-uuri at *grading* ng mga inaning itlog?

**Sorting ng Itlog**

| | | |
|---|---|---|
| | Ang itlog ay nauuri ayon sa sukat. Samakatuwid, ito ay ihihiwalay nila ang mga itlog sa sumusunod na sukat: maliit (small), atamtaman (medium), malaki (Large) , Extra large, *Jumbo*, o Super jumbo (sobrang laki). Ito ay higit sa lahat ay natutukoy sa pamamagitan ng laki at timbang ng itlog.<br><br>**Grading ng Itlog**<br><br>Ang itlog ay binibigyan din ng grado ayon sa kanilang kalidad at binibigyan ng grado bilang<br><br>**Grade (AA) -** Ang pinakamataas na grado ay AA. Ang mga itlog na ito ay dapat magkaroon ng malinis at walang basag sa shell. Ang mga *air cell* ng hangin ng mga itlog ng Grade AA ay hindi dapat lumampas sa 1/8 pulgada sa lalim. Ang kanilang puti ay dapat na malinaw at matibay at ang pula ng itlog ay walang anumang depekto.<br><br>**Grade (A)-** Tulad ng Grade AA, ang mga itlog ng Grade A ay dapat na may malinis, hindi basag na mga shell. Ang air cell ng isang Grade A na itlog ay hindi dapat lumagpas sa 3/16 pulgada ang lalim. Ang kanilang puti ay dapat na malinaw at matibay at ang pula ng itlog ay halos walang anumang depekto.<br><br>**Grade (B)**- Bagama't ligtas kainin, ang mga Grade B na itlog ay hindi madalas na makikita sa mga supermarket. Ang mga ito ay hindi nakakatugon sa parehong pamantayan gaya ng mga Grade AA at Grade A na mga itlog, kaya naman madalas silang iniimbak para magamit sa mga produktong likido, frozen, o pinatuyong itlog.<br><br>Ang isang Grade B na itlog ay dapat na hindi basag ang shell, ngunit maaari itong maging abnormal sa hugis at mayroong bahagyang mantsa. Ang *air cell* ay maaaring higit sa 3/16-inch ang lalim, ang puti ay maaaring puno ng tubig, at ang yolk outline ay maaaring naiiba, madilim, pinalaki, at patag. Maaaring may maliliit na batik ng dugo, ngunit dapat itong walang malubhang depekto.<br><br>Ang grado ng isang itlog ay natutukoy sa pamamagitan ng kalidad ng puti at pula ng itlog. Ginagawa ito upang maiwasan ang pagbebenta ng mga itlog na masyadong matubig. Ang *egg sorter* ay isang makina na dinisenyo at manufactured upang ma sort at grade ang mga itlog. | Ipasagot ang mga katanungan sa klase. Tiyakin na makuha ang kanilang ideya tungkol sa mga susmusunod na katanungan. Ito ay makatutulong upang malaman ng guro ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin.<br><br>Ang mga mag-aaral ay magsasagawa ng obserbasyon kada grupo. Malaya silang pumili ng kanilang kagrupo. Maaring magkaroon ng 2-3 kada grupo. Ang obserbasyon na ito ay gagawin sa kanilang tahanan ngunit araw-araw susuriin ng guro ang *observation sheet* gamit ang pisikal na talaan o google forms. Ipasagot ang mga gabay na tanong pagkatapos ng pitong araw na obserbasyon. |

Mahalaga ang pag-uuri ng mga itlog dahil tinutukoy at pinaghihiwalay nito ang mga itlog sa mga grado ng kalidad. Tinitiyak nito na ang isang mamimili ay hindi makakakuha ng isang sira na itlog na hindi angkop para sa pagkonsumo. Ang masamang itlog ay maaaring mapanganib na kainin at negatibong nakakaapekto sa kalusugan ng isang tao. Mahalaga rin na alisin ang mga itlog na bitak na, may dugo, o marahil ay may deformation.

**Pinatnubayang Pagsasanay**
**Panayam:** Kapanayamin ang iyong mga magulang/tita/ate/kuya o kapitbahay. Pasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anong uri ng itlog ang iyong binibili sa pamilihan/tindahan? Bakit?
2. Anong sukat ng itlog ang iyong binibili? Bakit?
3. Ang itlog ba na nabibili mo ay maganda ang kalidad?
4. Magbigay ng mga palatandaan ng pagpili ng magandang kalidad ng itlog.

## Ikatlong Araw

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**Mapanuri:** Panoorin ang video kung paano malalaman ang itlog ay bago o luma. Pagkatapos, suriin ang dinalang itlog kung ito ay bago o hindi. Sundan ang mga paraan na pinakita sa video.




PAANO MALALAMAN KUNG ANG ITLOG AY BAGO O BUGOK NA
https://www.youtube.com/watch?v=N27RQkV1ruk

**Kaugnay na Paksa 4: Paraan ng pag-iimbak ng poultry animals at produkto nito**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

**Ating Alamin:** Anu-ano ang mga pagkain na nilalagay sa refrigerator o pinapalamig upang hindi masira at anu-ano naman ang mga pagkain na hindi na kailangan ilagay sa refrigerator? Ilagay ang iyong mga sagot sa patlang.

| Mga Pagkaing Nilalagay sa Refrigerator | Mga Pagkaing Hindi Nilalagay sa Refrigerator |
|---|---|
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |

**Pag-iimbak ng Poultry Products**

Ang mga patakaran para sa pag-iimbak ng karne ng manok halos hindi naiiba mula sa mga kondisyon na inilalapat sa mga produktong karne.

**Karne**- Ang mga patakaran para sa pag-iimbak ng karne ng manok halos hindi naiiba mula sa mga kundisyon na inilalapat sa mga produktong karne. Ang pananatili sa temperatura ng kuwarto sa loob ng mahabang panahon ay magpapapaikli sa buhay ng karne, kaya mas mahusay na palamigin ang manok bago simulan ang proseso ng pagluluto.

Narito ang ilang halimbawa ng pag-iimbak ng karne o *poultry products*.

**1. Magpapalamig o pagyeyelo**. Ito ang paraan na ginagawa ng karamihan upang hindi mabilis masira ang karne kahit hindi pa ito iluluto. Nilalagay ito sa refrigerator o kaya'y sa lalagyan na may yelo.

**2. Pag-aasin**- ito ang paraan na ginagawa nuong wala pang refrigerator o pagawaan ng yelo. Ang karne ay nilalagyan ng asin upang lumabas ang tubig nito at para maimbak ito ng mas matagal.

**Itlog**- Ang kabuuang buhay ng mga hilaw na itlog ay nakasalalay sa kalinisan at integridad ng kanilang mga *shell* o balat nito. Dahil ang *shell* ay puno ng butas, ang anumang kontaminasyon ay mabilis na tumagos sa loob at nasisira ang mga nilalaman, na nagiging sanhi ng pagkabulok. Kaya lang para sa pangmatagalang imbakan mas mainam na pumili ng mga itlog na may malinis at magandang klase.

Maaari mong iimbak ang mga itlog sa mga sumusunod:

**1. Sa isang refrigerator**- Ilagay sa isang kompartimento kung saan ang temperatura ay pinananatili nang hindi mas mataas kaysa sa +4 degrees, ang mga itlog ay maaring iimbak sa loob ng 15-18 araw.

**2. Sa cellar**- Kung walang refrigerator, halimbawa sa isang bahay, ang mga hilaw na itlog ay maaaring ilagay sa isang cellar o hukay ng gulay. Kahit na sa init ng tag-init, ang temperatura doon ay bihirang lumampas sa +10 degrees, na halos tumutugma sa mga parameter ng kompartimento ng refrigerator. Ang cellar ay karaniwang may mataas na kahalumigmigan, na nakakapinsala sa pangmatagalang imbakan. Ang produkto ay dapat ilagay sa isang plastic bag bago itago sa cellar.

**3. Sa balon**- Isang orihinal at napaka-epektibong solusyon, dahil ang tubig ng balon ay may pare-parehong temperatura na +4 +7 degrees. Ang mga itlog ay inilalagay sa isang mahigpit na saradong lalagyan na hindi pinapayagan ang tubig na dumaan, at ibinababa sa isang lubid upang ang lalagyan na may produkto ay nasa tubig.

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Bakit kailangan nating iimbak ng maayos ang mga poultry products tulad ng karne at itlog?

2. Ano ang mabuting epekto ng pag-iimbak ng *poultry products*?

3. Anu-ano ang mga poultry products na iniimbak niyo sa inyong tahanan?

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**Batang Mapanuri**: Maghanda ng dalawang piraso ng itlog. Ilagay ito sa magkaibang lugar (mainit na lugar at malamig na lugar). Subaybayan araw araw ang pagbabago sa itlog sa loob ng pitong araw. Gamitin ang observation sheet at rubrics bilang gabay sa iyong gawain. **Tandaan na maaari lamang biyakin ang itlog sa pangpitong araw.**

| Itlog | Obserbasyon | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Day 1 | Day 2 | Day 3 | Day 4 | Day 5 | Day 6 | Day 7 |
| 1 | | | | | | | |
| 2 | | | | | | | |

**Gabay na tanong:**

- Anu-ano ang mga pagbabagong napansin mo sa unang taltong araw na obserbasyon?
- Ano ang naobserbahan mong pagkakaiba ng dalawang itlog nang ito'y iyong biyakin?

- Ayon sa iyong pagsusuri, saan lugar mas mainam na iimbak ang itlog?

| **Pamantayan** | **5** | **3** | **1** | **Puntos** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Ang gawain ay malinaw na naipahayag. | Ang gawain ay malinaw na naipahayag ngunit kulang ang impormasyong pinahayag. | Hindi malinaw ang pahayag. | |
| Wastong araw | Ang lahat obserbasyon ay isinagawa sa takdang araw. | Ang ibang obserbasyon ay isinagawa sa hindi nakatakdang araw. | Ang oberbasyon ay isinagawa sa maling araw. | |
| Pamamaraan | Sinunod ng sistematiko ang lahat ng paraan sa pagsusuri. | Sinunod ang sistematiko ang ilang paraan sa pagsusuri. | Hindi sinunod ang sistematikong paraan sa pagsusuri. | |
| Kabuuang puntos | | | | |
| Tala sa Mag-aaral: | | | | |

**D. Paglalahat**

**Ikaapat na Araw**

**1. Pabaong Pagkatuto**

**Panuto:** Kumpletuhin ang *matrix* sa ibaba. Isulat ang edad o gulang at timbang ng mga sumusunod alagang hayop kung maaari na silang anihin oibenta. Isulat ito sa sagutang papel.

| | Batayan sa pag-aani ng poultry animals (broilers) | | |
|---|---|---|---|
| | Edad o gulang | Timbang | Iba pang mga batayan |
| 1. Manok | | | |

Ipasagot ang gawain sa mga mag-aaral. Alalahanin na mapalabas ang integrasyon ng SDG 8 and 12 sa bahaging ito.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2. Itik | | | |
| 3. Pugo | | | |

4. Anu-ano ang iba't ibang paraan sa paghuhuli ng mga alagang poultry animals?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Panuto:** Ibigay at isulat ang iyong mga natutunan sa pamamagitan ng pagbuo ng pangungusap sa ibaba.

Natutunan ko ang .......

Kaya kong ..........

Ibabahagi ko ang aking natutunan sa aking mga ..........dahil ...........

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit.**<br>Panuto. Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Ilagay ang tama sa patlang kung ang sinasaad ay tama at isulat ang mali kung ang isinasaad ay mali.<br>________ 1) Ang itik, pato at pugo at maaaring pakinabangan ang karne at itlog.<br>________ 2) Layers ang tawag sa mga itik na hindi nangingitlog.<br>________ 3) *Nonsitters* ang tawag sa mga itik na nangingitlog.<br>________ 4) Ang pagpapakain sa loob ng kulungan ay mainam na paraan sa paghuli ng manok.<br>________ 5) Ang sorting at grading ng itlog ay isang paraan upang malaman ang kalidad ng itlog.<br>________ 6) A ang pinakamataas na grado ng itlog.<br>________ 7) Ang pinakamababang grado ng itlog ay nakasalalay sa kulay ng shell nito.<br>________ 8) Ang mga *poultry products* tulad ng karne ay mainam na iimbak sa refrigerator.<br>________ 9) Ang itlog ay panatilihing nakaimbag sa lugar na direktang natatamaan ng araw.<br>________ 10) Ang mga poultry products ay panatilihing nakaimbak sa maayos at malinis na lugar o imbakan.<br><br>**1. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>**Panuto:** Tanungin ang mga magulang kung anu-ano ang mga paraan na ginagawa nila sa pag-iimbak ng mga proultry products. | Ipasagot ang pagsusulit sa mga mag-aaral. Maaring gumamit ng mga assessment applications tulad Kahoot, Quizizz, zip grade, google forms at iba pa. |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td></td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** *Ann-Jelly A. Dolendo & Jessica G. Gilo* | ***Sinuri ni:*** *Jeffrey C. Ginez* |
| ***Institusyon:*** *Wonderful Grace Learning Center* | ***Institusyon:*** *Philippine Normal University-Manila* |